



## The Falkland Islands Government

Directorate of Policy & Economic Development

# TRIP

## FALKLAND ISLANDS TOURISM RECOVERY INCENTIVE PROGRAMME

### MGA PAMANTAYAN PARA MAGING KARAPAT-DAPAT SA KATANGIANG ANGKOP BILANG ISANG NEGOSYONG PANTURISMO

#### General

Ang programa na ito ay para sa mga matatag na negosyong panturismo. Para maging karapat-dapat, ang negosyo ay dapat na pinapatakbo bilang isang negosyong panturismo, na kumikita ng may buwis mula sa mga gawaing may kinalaman sa turismo, mula sa panahon ng ika-1 ng Oktubre 2019 hanggang ika-31 ng Mayo 2020.

Kung ang isang negosyo ay nakalista sa website ng FITB para sa taong 2019/20, at pasok sa mga pamantayang ito, ito ay ituturing na sapat na ebidensya para sa isang matatag na negosyong panturismo. Ang ibang mga negosyo ay kailangang magbigay ng ebidensya na sila ay pasok sa mga pamantayan na ito, na maaring kasama ngnuit hindi limitado sa mga invoice na may petsa o mga kasulatan para sa kustomer na may petsa.

Kasama sa mga katangian ng negosyong panturismo ang mga indibidwal na epektibong nagpapatakbo bilang mag-isang negosyante, o bilang isang sub-contractor, pati na rin ang mga kumpanya.

Karapat-dapat din sa TRIP ang mga negosyong kinikilalang negosyong panturismo, kahit na ito ay parte ng isang malaking organisasyon na may mga negosyong walang kinalaman sa turismo.

Ang iba't ibang negosyong panturismo, gaano man kalaki, ay nararapat sa TRIP. Hindi titingnan kung maliit man ito o malaki. Sa kadahilanang ito, ang pagiging karapat-dapat sa TRIP ay iba pa sa ibang support schemes ng FIG Covid-19.

## **Akomodasyon**

Ang lahat ng *catered* o *self-catering* na akomodasyon na nakalista sa website ng FITB ay awtomatikong nararapat na magparehistro para sa TRIP.

Ang mga akomodasyon na hindi nakalista sa FITB ay maaaring mag-apply kung kaya nilang ipakita na sila ay nagpapatakbo ng negosyo sa panahon ng 2019/20.

Ang akomodasyon, pagkain, at mga karanasan (tulad ng *tours*) na ibinibigay ng tagapagbigay ng akomodasyon ay mga karapat-dapat na gastos. Ang mga sasakyan na renta bilang isang karagdagang serbisyo ng mga tagapagbigay ng akomodasyon sa Camp, kasama na ang mga islang nasa labas, ay isa ring karapat-dapat na gastos. Ang mga benta sa alak, may kasama man itong pagkain o wala, ay hindi karapat-dapat.

## **Mga karanasan, tours, at mga tour drivers**

Ang mga drayber na nakalista sa website ng FITB ay awtomatikong nararapat na magparehistro para sa TRIP.

Ang mga drayber na hindi nakalista sa FITB ay maaaring mag-apply kung kaya nilang ipakita na sila ay nagpapatakbo ng negosyo sa panahon ng 2019/20.

Maaaring magparehistro ang mga drayber, direkta para sa TRIP, kahit na kung sila ay nagpapatakbo bilang isang *sub-contractor* para sa ibang mga negosyo.

Para makapagpa-rehistro sa TRIP, ang lahat ng mga drayber ay dapat magpakita na sila ay may angkop na *Hire & Reward Vehicle Insurance* para sa panahon ng 2020/21. Ang kopya ng polisya na ito ay dapat na ibigay sa FITB.

Tulad ng nasa itaas, ang gastos ng mga tours na pinapatakbo ng mga tagapagbigay ng akomodasyon (halimbawa, sa iba't ibang mga isla) ay isang karapat-dapat na gastos.

Ang mga pagkain at inumin na walang alkohol na kasamang ibinibigay kasama ng tour or karanasan (halimbawa, nakabalot na lunch) ay isang karapat-dapat na gastos.

## **Pagkain sa Labas**

Ang lahat ng mga café at restaurants (kasama ang mga pubs), sa loob ng Stanley at sa Camp, ay karapat-dapat na magpa-rehistro para sa TRIP bilang negosyong panturismo.

Ang lahat ng mga café at restaurants na nakalista sa website ng FITB ay awtomatikong nararapat na magparehistro para sa TRIP. Ang mga benta ng pagkain at softdrinks ay mga karapat-dapat na gastos, kahit na ito ay kinunsumo sa lugar o sa labas.

Ang mga benta sa alak ay hindi karapat-dapat. Ang *bulk catering*, tulad ng mga *buffet* na inilaan para sa mga pagdiriwang o sa mga pagpupulong, ay hindi karapat-dapat.

## **Mga Gift Shops**

Ang mga tingiang tindahan ay karapat-dapat para sa TRIP kung ang kanilang pangunahing negosyo ay magbenta ng mga regalo o kagamitan na may kinalaman sa turismo.

Ang mga tingiang tindahan na nakalista sa website ng FITB at pasok sa mga pamantayan na nakalista sa itaas ay awtomatikong nararapat na magparehistro para sa TRIP.

Ang mga benta sa alak ay hindi karapat-dapat, ngunit ang mga benta na walang alak ay karapat-dapat sa mga negosyong panturismo na nagbebenta ng alak.

## **Landing fees**

Ang mga *landing fees* ay hindi maaaring mabayaran sa pamamagitan ng TRIP, ngunit ang mga bayad na ginawa para sa mga tours at mga karanasan na may kasamang *landing fees* bilang bahagi ng kabuuang gastos ay maaaring tanggapin.